**Ang gabay na ito ay maaaring may taglay na sensitibong impormasyon kaugnay sa voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay)**

# Gabay sa talakayan 3: Anong proseso ang dapat sundin ng isang tao sa pag-access sa VAD

Dapat magkaroon ang mga Territorian ng angkop na impormasyon at suporta upang tulungan silang gumawa ng mga desisyon tungkol sa pag-access sa voluntary assisted dying (VAD) (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay).

Ano sa inyong palagay ang dapat maging proseso para sa pag-access sa VAD sa Northern Territory?

Para sa inyong pagsasaalang-alang, ito ay buod ng proseso sa pag-access sa VAD sa ibang mga estado sa Australya:

1. Hihiling ng tulong ang tao sa isang kwalipikado at may karanasang doktor (unang doktor) sa voluntary assisted dying.
2. Tatasahin ng unang doktor kung ang tao ay marapat um-access sa voluntary assisted dying.
3. Hihiling ng tulong ang tao sa ibang kwalipikado at may karanasang doktor (pangalawang doktor) sa voluntary assisted dying.
4. Tatasahin ng pangalawang doktor kung ang tao ay marapat um-access sa voluntary assisted dying.
5. Gagawa ang tao ng nakasulat na kahilingan sa unang doktor, na sasaksihan ng mga independiyenteng saksi.
6. Gagawa ang tao ng panghuling kahilingan sa unang doktor.
7. Titiyakin ng unang doktor na ang tao ay marapat pa rin para sa voluntary assisted dying, magsusumite ng mga dokumento, at makikipag-ayusan sa isang parmasyutiko para mag-suplay ng niresetahang sangkap para sa VAD.
8. Ang tao ay mamamatay sa pamamagitan ng pag-inom ng sangkap para sa voluntary assisted dying kung kailan niya pipiliing gawin ito, sa pamamagitan ng sarili niya mismong pag-inom ng sangkap o hilingin niya sa isang propesyonal ng kalusugan na tulungan siyang inumin ito.

**Paghanap ng propesyonal ng kalusugan na maaaring tumulong**
Sa Territory na may maliliit na populasyon na nakakalat sa isang malaking lugar, maaaring maging mahirap ang paghanap ng doktor. Kadalasan, ang tanging paraan na maaaring makipag-usap ang mga tao sa mga propesyonal ng kalusugan ay sa pakikipagmiting sa online.

Paano dapat humiling ng pag-access sa voluntary assisted dying ang mga Territorian, at dapat ba silang payagang gumamit ng mga online platform, halimbawa, ang unang paghiling ay dapat gawin nang harapan sa isang propesyonal ng kalusugan, subali't ang pangalawang paghiling ay maaaring gawin sa online?

Sa ibang mga estado sa Australya, ang isang praktisyoner na nars ay maaari ring tumulong sa isang tao na maka-access sa VAD, dapat ba nating isaalang-alang ito sa NT?

**Pagtiyak na malayang pinipili ng mga Territorian ang VAD**
Sa ibang mga lugar sa Australya, maaari lamang maka-access sa VAD ang isang tao kung pag-iisipan niya ito nang ilang araw bago gumawa ng panghuling paghiling. Ang isang tao ay maaari lamang maka-access sa VAD kung may sumaksing mga tao sa isa man lamang sa nakasulat na paghiling at ang saksi ay isang tao na hindi makikinabang nang personal o pampinansyal mula sa pagkamatay ng tao.

Ang isang tao ba, sa palagay ninyo, ay maaaring maging saksi sa paghiling ng VAD kung siya ay isang tagapagmana rin?

Sa ilang mga lugar sa Australya, ang isang medikal na propesyonal ay hindi pinapahintulutang magsimula ng pag-uusap tungkol sa VAD. Ang ibang mga estado ay nagpapahintulot sa mga medikal na propesyonal na magsimula ng pag-uusap tungkol sa VAD, ngunit dapat silang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa paggamot, pangangalagang palyatibo (palliative care) at suporta at, kasabay nito, ang malamang na mga kalalabasan.

Anong modelo ang dapat nating gamitin sa NT?

**Pag-inom ng sangkap para sa VAD upang mamatay**
Sa mga bahagi ng Australya, maaaring magbigay ang isang doktor sa isang marapat na tao ng pag-access sa isang niresetahang gamot upang magsanhi ng pagkamatay ng tao bilang bahagi ng proseso ng VAD. Ang sangkap na ito ay tinatawag na sangkap (substance) para sa voluntary assisted dying.

Makakapagpasya ang tao kung kailan, o kung, gusto niyang gamitin ang sangkap na ito. Ang ilang mga estado ay nagtakda ng tiyak na taning ng panahon para sa pagsasauli ng sangkap kung pipiliin ng tao na hindi gamitin ito (halimbawa, sa loob ng pitong araw).

Sa karamihan ng mga estado sa Australya, ang mga indibidwal mismo ang kailangang gumamit ng sangkap para sa voluntary assisted dying, subali't sa mga kaso na hindi ito posible o angkop, maaaring tumulong sa kanila ang isang doktor. Ang ilang mga estado ay nagpapahintulot din sa mga indibidwal na piliing sila mismo ang magbibigay sa kanilang sarili ng sangkap o hihingi ng tulong mula sa isang propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan.  Paano natin gagawin ito sa NT?

**Pagbibigay-alam at pagrerehistro ng pagkamatay ng isang tao**
Kapag namatay ang isang tao sa Northern Territory, dapat itong irehistro sa Births, Deaths and Marriages (Mga Panganganak, Pagkamatay at Pagpapakasal) sa loob ng pitong araw ng trabaho pagkatapos ng libing o cremation (pagsunog ng bangkay).

Ang pahayag ng pagkarehistro ng pagkamatay ay karaniwang kinukumpleto ng direktor ng punerarya, ang taong nag-aasikaso ng gagawin sa mga labi, o ng lokal na manggagawa ng kalusugan.

Ang mga sertipiko ng pagkamatay ay ginagamit para sa iba't ibang layuning ligal, pang-seguro at iba pa at ang pamilya ng tao ay maaaring hindi isali sa sertipiko ang mga detalye kung paano namatay ang isang tao. Ang ilang mga estado sa Australya ay nag-uutos na ang sertipiko ng pagkamatay ay magsaad na ang pagkamatay ng isang tao ay sanhi ng kanyang karamdaman, at hindi sanhi ng voluntary assisted dying.

Nais naming malaman ang inyong opinyon kung paano ipagbibigay-alam at irerehistro ang pagkamatay ng isang tao kung siya ay mamamatay mula sa voluntary assisted dying.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa VAD at magbahagi ng inyong komento, pumunta sa cmc.nt.gov.au/vad



Engage | Listen | Respect | Report